KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 6 | BASAHIN AT TALAKAYIN | HUNYO 2023

EDITORYAL

# Puspusang makibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya! DRB, isulong, ipagtagumpay!

Taun-taong ipinagdiriwang ng reaksyunaryong estado ang Hunyo 12 bilang "Araw ng Kalayaan", subalit para sa mamamayang Pilipino ito ay huwad at tanda ng patuloy na pagkagapos ng bayan sa pagkaalipin sa imperyalismo. Sa loob ng 125 taon, nakakubabaw ang imperyalismong US sa Pilipinas. Kinontrol nito ang ekonomya, pulitika, militar at ugnayang panlabas na nagsadlak sa kronikong krisis at ibayong pagdurusa ng sambayanan. Makatwiran lamang na ipagpatuloy ang iniwang pakikibaka ng mga ninunong Pilipino para kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang pagsakop sa Pilipinas ay bahagi ng plano ng US sa imperyalistang dominasyon sa daigdig para isalba ang sarili sa krisis ng labis na produksyon. Layon nitong gawing abanteng base ang Pilipinas sa ambisyong makapagpalawak sa Asia. Upang maisakatuparan ito, ginamit ng US ang panlilinlang at pandarahas.

Pataksil na inagaw ng US ang tagumpay ng rebolusyong 1896 kung saan matapos bilhin ang Pilipinas mula sa Spain, tusong kinasabwat nito ang kapitulasyunistang paksyon nina Aguinaldo para linlangin ang mga Pilipino sa Proklamasyon ng Kasarinlan sa Kawit noong Hunyo 12, 1898. Subalit nagpatuloy ang dakilang adhikain ng mamamayang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya na pinangunahan ng Katipunan at naglunsad ng pambansang pag-aaklas laban sa mananakop na Amerikano. Ginamit ng US ang superyor na lakas militar at pinatay ang mahigit 250,000 Pilipino noong 1899-1902. Noong World War II, inabandona ng US ang Pilipinas at hinayaang sakupin ng Japan. Bumalik ang US makalipas ang ilang taon at muling ninakaw ang tagumpay ng pakikibaka ng mga rebolusyonaryo at mamamayang Pilipino laban sa Hapon. Para ipagkait ang kalayaan at patuloy na



# KALATAS

*Hunyo 2023*
*TOMO 43 BILANG 6*

*NILALAMAN*


*1 Puspusang makibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya! DRB, isulong, ipagtagumpay!*

*4 Huwad na CARP, salot sa magsasaka at sa bansa*

*6 Balik-tanaw sa huwad na reporma sa lupa at Kilos Protesta sa Laguna*

*7 Kilos Protesta sa anibersaryo ng CARP*

*8 Tugon ni PdG: Bakit dapat tutulan at labanan ng sambayanang Pilipino ang pagpapalawak ng saklaw ng EDCA at pagpapairal ng lahat ng kasunduang militar sa US?*

*9 Kilos Protesta sa Araw ng Huwad na Kalayaan*

*10 Kilos Protesta sa paggunita sa Pride Month at Bantay Karapatan*

*11 Pang-aalipin ng neoliberalismo sa mga manggagawa*

*12 Internasyunal: Banta ng gerang nukleyar, udyok ng imperyalismo*

*14 Dibuho: Nagkakaisang manggagawa laban sa mga pasista*



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details@southern_tagalog_revolutionary_portal


mahawakan ang bansa, iginawad ng US ang nominal na kasarinlan noong Hulyo 4, 1946.

Tiniyak ng imperyalismong US na nakatali sa kanya ang ekonomya ng Pilipinas. Pinagkunan ito ng mga murang hilaw na materyales at ginawang bagsakan ng yaring produkto. Dinambong ang mga yamang mineral at kinalbo ang mga kagubatan para sa troso. Pinanatili nito ang pyudal na sistema sa lupa at inagaw ang daan-daang libong ektaryang lupain sa mga magsasaka at pambansang minorya para pagtayuan ng mga plantasyong pang-eksport. Ipinilit ng US ang karapatang pariti sa mga ari-arian at likas na yaman sa bansa. Binitag ang bansa sa walang hanggang utang at ipinaloob sa mga kasunduan sa malayang kalakalan at internasyunal na mga institusyong pampinansya na hawak ng US. Ang mga neoliberal na patakaran sa ekonomiya ang nagsadlak sa bayan sa kahirapan.

Bumuo ang US ng mga tagibang na tratadong militar na yumuyurak sa pambansang soberanya. Itinayo ang mga base militar, lihim at lantad, at malayang nakakalabas-masok ang mga sundalong Amerikano. Tinatamasa nila ang mga karapatang ekstrateritoryal saanmang sulok ng bansa. Hindi sila pinarurusahan sa kanilang krimen kagaya ni Lance Corporal Daniel Smith na nanggahasa kay “Nicole” at Lance Corporal Joseph Scott Pemberton na pumatay kay Jennifer Laude, na pawang isinalba at pinauwi ng US.


Para ikubli ang mga krimen at lasunin ang isip ng mamamayan, pinalaganap ng imperyalismong US ang kolonyal na kultura. Ginamit ang edukasyon, sining at masmidya para ikatwiran ang mga islogang “mapagpalang asimilasyon”, “edukasyon para sa paggugubyerno sa sarili” at “pasipikasyon”. Nirebisa ang madugong kasaysayan ng pananakop ng US at walang kahihiyang pinakete ang imperyalista bilang mga bayaning nagsalba sa Pilipinas mula sa kolonyalistang Spain at pasistang Japan. Ipinataw ang wikang Ingles at binusabos ang kulturang Pilipino para pipilan ang pag-usbong ng diwang makabayan.

Itinatag ang paghahari ng US kasabwat ang naghaharing uri na mga panginoong maylupa at burukrata kapitalista at mga ahente ng US-CIA sa bansa. Hawak ng US ang reaksyunaryong gubyerno at pwersang panseguridad ng estado. Tiniyak nitong ang mahahalal na mga pangulo ay mga sunud-sunurang tuta mula sa rehimeng Roxas hanggang sa kasalukuyang ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte. Itinatag at sinanay rin ng US ang AFP, Philippine Constabulary at mga paramilitar. Instrumento ang mga ito sa marahas na pagsupil sa lahat ng makabayang kumikilos para sa nasyunalismo at pag-alpas mula sa impluwensya ng US.

Sa paglakas ng karibal nitong China, lalong pinahigpit ng US ang kontrol sa Pilipinas. Bumuo ng mga bago at pinagtibay ng US ang mga dating kasunduan para bigyan ng ligal na bihis ang paggamit sa Pilipinas bilang piyon sa pakanang inter-imperyalistang gera sa rehiyon. Tampok ang pagpapalawig ng Enhanced Defense Cooperation Agreement nang bumisita si Kamala Harris sa Pilipinas noong Nobyembre 2022 at ang pagsasara ng Bilateral Defense Guidelines nang makipagpulong si Marcos Jr. kay US President Joe Biden noong Mayo.

Mamamayan ng Asia Pacific ang unang magdurusa sa imbing plano ng US. Ginawa na ito ng US sa kasaysayan kung saan naghasik ito ng gera sa Vietnam, Korea at Middle East. Pinalahok ng US ang Pilipinas sa mga gerang ito.

Higit na lumilinaw ang kawastuhang ilunsad ang isang pambansa-demokratikong rebolusyon upang palayain ang bayan mula sa kuko




> Tayo ay nasa panahong nangangailangan ng malalim at may malayong pananaw na paninindigan sa proletaryong rebolusyon. Ito ay isang panahong maihahambing sa panahong ang mga klasikal na rebisyunistang partido noon ay nalansag at para bagang ang sosyalismo ay naging isang walang-saysay na pangarap at ang daigdig ay naging parang walang labang biktima ng imperyalistang panunupil at pagsasamantala. Ngunit ang panahong yaon kung tutuusin ay ang bisperas ng sosyalistang rebolusyon.

*- mula sa Manindigan para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo (1992)*

ng imperyalismong US. Higit limang dekada na itong isinusulong ng mamamayang Pilipino sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at sa pamamagitan ng armadong bisig nito, ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa pangunguna ng Partido, itinatag at pinalalakas ang National Democratic Front of the Philippines upang buuin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino upang isulong at ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Nararapat balik-aralan ang kasaysayan ng Pilipinas upang malalim na maunawaang kailangan ang armadong paglaban para gapiin ang imperyalismo. Ang demokratikong reblusyong bayan (DRB) ang natatanging sandata ng mamamayang Pilipino laban sa imperyalistang agresyon. Sa pagwawagi nito, ibabagsak ang malakolonyal at malapyudal na estado at makakamit ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Gawing inspirasyon ang magigiting at matatagumpay na pambansa-demokratikong pakikibaka ng mga aping mamamayan ng China, Vietnam at Korea upang gapiin ang imperyalismo. Matapos ipagwagi ang pambansa-demokratikong rebolusyon, nakamit nila ang pambansang kasarinlan at itinatag ang tunay na nagsasariling gubyerno at sosyalismo na hindi yumuyukod kaninuman.

Pinatunayan ng masinsin at makilos na pakikidigmang gerilya at pagtangkilik ng malawak na masa sa rebolusyon ang superyoridad ng DRB sa imperyalistang gera. Paborable ang mabubundok na tereyn ng Pilipinas para gapiin ang mga pwersa ng reaksyunaryong estado at imperyalismo. Dapat panghawakan ang estratehiya ng matagalang digmang bayan na pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan.

Kailangang palahukin ang lahat ng uri at sektor sa Pilipinas sa digmang bayan. Ilunsad ang puspusang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanilang hanay. Bigkisin ang buong bayan sa bandila ng patriyotismo at anti-imperyalismo. Palakasin ang saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka na pangunahing nagdarahop sa pagsasamantala ng imperyalismo. Iugnay ang kanilang pakikibaka sa ekonomiya sa paglaban at paggapi sa imperyalismo.

Paigtingin ang digmang bayan at itaas ang antas nito sa paglulunsad ng matutunog na taktikal na opensiba, matatagumpay na rebolusyong agraryo at paramihin ang matatag na baseng bukid. Maramihang magpasampa sa Hukbong Bayan ng tunay na patriyotikong mamamayan. Palawakin ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika na binhi ng demokratikong gubyernong bayan.

Makipagkapitbisig sa mga mamamayang lumalaban sa imperyalismo. Buuin ang anti-imperyalistang nagkakaisang prente sa ibayong dagat upang pangalagaan ang kaligtasan at interes ng mga inaapi at pinagsasamantalahang mamamayan sa Asia.

Nakatitiyak ang mamamayang Pilipino na magwawagi ang DRB at babagsak ang imperyalismo. Gaano man katagal, handang isulong ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ang DRB para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. K

*Inaanyayahan ng ARMAS-TK ang lahat na mag-ambag ng kanilang mga likhang sining at sulating pampanitikan para sa*

DAGITAB

2022-2023

*na may temang*

**Sumalig sa higanteng lakas ng masa upang likhain ang makasaysayang igpaw pasulong ng rebolusyon!**

*Ipasa ang inyong kontribusyon sa pinakamalapit ng yunit ng Partido o BHB sa inyong lugar, o ipadala sa dagundong.tk@gmail.com*

# Huwad na CARP, salot sa magsasaka at sa bansa

Hindi maiwasang maungkat sa gitna ng kalunus-lunos na kalagayan ng ekonomya at tumitinding kahirapan ng mga magsasaka sa Pilipinas ang daan-taong problema sa lupa.

Hanggang ngayon, mayorya sa magsasakang Pilipino o 7 sa 10 ang wala o kulang sa lupa. Resulta nito, maliitan, hiwa-hiwalay ang produksyon at atrasado ang agrikultura sa bansa. Sa hagupit ng neoliberalismo, kumikitid ang lupang sinasaka para bigyang-daan ang mga negosyong minahan, engklabong industriyal, ekoturismo, *real estate* at pati proyektong imprastraktura ng reaksyunaryong gubyerno. Karaniwan nang maging manggagawang bukid sa sariling lupa ang magsasaka matapos itong makumbert tungong plantasyon. Nagsisilbi ang mga plantasyon sa produksyon ng malalaking dayuhang korporasyon.

Ito ang kinahinatnan ng bansa dahil sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa sa loob ng higit pitong dekada ng papet na republika. Alinsunod sa plano ng imperyalismong US na panatilihin ang Pilipinas bilang neo-kolonya at pagkukunan ng murang hilaw na materyales, pinanatili nito ang pyudalismo sa Pilipinas at sinalaula ng papet na republika ang kahulugan ng tunay na reporma sa lupa.

**Bigong CARP**

Nang maluklok sa poder ang PML na si Corazon Aquino, malaking problema ng reaksyunaryong estado at imperyalismong US kung paano pahuhupain ang digma sa kanayunan na nakaugat sa pakikibaka para sa lupa. Bilang hakbang, ipinasa nito ang RA 6657 o Comprehensive Agrarian Reform Program noong Hunyo 10, 1988. Nilikha nito ang Department of Agrarian Reform (DAR) para pangasiwaan ang pagpapatupad ng reporma sa lupa.

Layon ng CARP na ipamahagi ang 10.3 milyong ektaryang lupa sa 4.5 milyong magsasaka at manggagawang bukid na walang lupa. Mayorya o 6.5 milyong ektarya sa lupang target ng CARP ay lupang porestal *(forestlands)* na hawak ng Department of Environment and Natural Resources habang ang 3.8 milyon ay lupang agrikultural na nasa huridiksyon ng DAR. Naglaan ng 10 taon para tupdin ang CARP.

Hindi nakumpleto ang target ng CARP sa loob ng 10 taon at kahit pa sa mga itinakdang *extension* nito na una'y hanggang 2008 at kahulihan, hanggang 2014. Noong 2016, may 1.2 milyong ektaryang lupang saklaw ng CARP sa mga tinagurian nitong *"strategic operation provinces"* na hindi pa naipapamahagi. Nakapanlulumo ang malaking kakulangan nito sa kabila ng paggastos dito ng P306 bilyon mula 1988-2016.

Kasinungalingan ang deklarasyon na malaki ang pakinabang ng mga magsasaka sa CARP. Sa isang pag-aaral, 80% ng mga benepisyaryo ng CARP ang hindi kinakayang bayaran ang amortisasyon at kalauna'y nagbebenta ng lupa. Ito rin ang sinapit ng mga nalugi bunsod ng mataas na gastusin sa pagsasaka at bagsak-presyo ng mga produktong agrikultural.

**Mga kasong agraryo sa Timog Katagalugan**

Malaon nang reklamo ng mga magsasaka na pabor sa PML ang mga butas sa batas ng CARP. Pangita ito sa mga kasong agraryo sa Timog Katagalugan na sumasaklaw sa higit 400,000 ektarya (2017).

Isang tampok na kaso ang Yulo King Ranch (YKR) sa Palawan. Ang YKR ay regalo ni Marcos Sr. sa kanyang mga kroni sa tabing ng pagdedeklara rito bilang isang *pasture reserve* o rantso. Wala pang 10% o 1,575 ektarya lamang mula sa kabuuang 39,238.93 ektarya ng YKR ang naipapamahagi sa ilalim ng CARP.

Sa nakaraang rehimeng Duterte, tumindi ang pang-aatake at pagpapalayas sa mga magsasaka sa YKR. Bukod sa pagmamanman at panghaharas sa kanila ng militar, sinisira rin ang pagkakaisa ng mga magsasaka gamit ang CARP. Noong 2018, pinagkalooban ng Certificate of Land Ownership Award o CLOA ang ilang residente habang hindi isinama ang iba na miyembro ng lokal na organisasyong masa. Tusong hakbang ito upang hatiin ang hanay ng magsasakang naggigiit ng karapatan sa lupa.

Isa pang malubhang kaso ang Coral ni Lopez, Calaca, Batangas na isinailalim sa CARP noong Setyembre 1992. Sa simula, tinanggap ng PML na pamilyang Lopez ang *notice of coverage* at nagpahayag pa ng *voluntary offer to sell* o intensyong ibenta ang nasabing lupain. Matapos ang dalawang taong pagproseso, ginawaran ng *mother* CLOA ang 51 magsasakang

> ***" ...hindi dapat nagbabayad ng amortisasyon ang mga benepisyaryo ng reporma sa lupa. Ang tunay na reporma sa lupa ay libre at may kaakibat pang suporta ng estado para tiyaking mapaunlad ng magsasaka ang lupang kanyang binubungkal. Sa ganito pa lang, malinaw nang huwad ang reporma sa lupa sa ilalim ng CARP. "***

dati nang nagbubungkal doon. Ngunit pagdating ng 1995, biglang nagpetisyon ang mga Lopez na kanselahin ang *mother* CLOA.

Mula noon, nakipaggitgitan sa DAR at organisadong kumilos ang mga magsasaka upang manatili sa kanilang lupa. Nalantad sa kanila ang kawalan ng ngipin ng CARP at kalampahan ng DAR sa harap ng mga maniobra ng PML para ikutan ang batas. Ginamit ng mga Lopez ang probisyon hinggil sa karapatan ng PML na humingi ng *retention area* upang muling agawin ang lupang ipinamahagi na. Pilit ding ipinapasok ang 47-ektaryang lupain sa mga eksemsyon sa batas, una, sa bulok na katwirang sila mismo ang nagtatrabaho sa lupa, at ikalawa, na hindi umano maisan o palayan ang lupa kaya wala ito sa hurisdiksyon ng CARP.

Hanggang sa kasalukuyan, nakikipagtagisan ang mga residente ng Coral ni Lopez sa mga Lopez at pribadong interes na gustong mangamkam ng kanilang lupa. Sinisipat ang lugar na isama sa mga kinukumbert na lupaing agrikultural tungong gamit komersyal-residensyal. Aktibo sa pagsasakatuparan ng planong ito ang pasistang tropang AFP-PNP na utusan ng mga PML at korporasyon. Tinatakot ng mga ito ang mga residente at binansagang "kuta ng NPA" ang Coral ni Lopez para bigyang matwid ang militarisasyon dito.

**Pagpapalaya sa magsasaka?**

Makalipas ang 35 taon ng CARP, nais pagtakpan ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte ang suliranin sa lupa. Ipinagmamalaki nito ang batas na New Agrarian Emancipation Act na magpapawalang-bisa sa P57.5 bilyong prinsipal na utang ng 610,054 "benepisyaryo" ng CARP.

Bagamat totoong makakabawas sa pasanin ng mamamayan, mapanlinlang na tawaging "pagpapalaya" sa magsasaka ang pagbubura sa kanilang utang sa amortisasyon. Mawala man ito'y




nananatili ang sistemang partihan, buwisan at usura na nang-aalipin sa mga kasamá. Tumitindi rin ang sistematikong pangangamkam at kumbersyon ng lupang agrikultural at liberalisasyon na pumapatay sa kabuhayan ng mga magsasaka. Paanong lalaya ang mga magsasaka mula sa pagka-alipin at kadustahan kung mananatili silang wala o kulang sa lupa dahil patuloy na monopolyo ng mga malalaking panginoong maylupa't burgesya kumprador ang malalawak na lupain?

Hindi rin katanggap-tanggap na pumostura ang rehimen na galante sa "pagpapatawad" sa utang ng mga magsasaka dahil kung tutuusin, hindi nga dapat nagbabayad ng amortisasyon ang mga benepisyaryo ng reporma sa lupa. Ang tunay na reporma sa lupa ay libre at may kaakibat pang suporta ng estado para tiyaking mapaunlad ng magsasaka ang lupang kanyang binubungkal. Sa ganito pa lang, malinaw nang huwad ang reporma sa lupa sa ilalim ng CARP.

Gustong pabanguhin ng rehimeng Marcos-Duterte ang sarili sa pagpapatawad sa utang ng magsasaka, pero sa totoo'y lantad na ang pagiging kontra-magsasaka nito. Ang National Land Use Act na isinulong nito ay nagpapauna sa interes ng mga kapitalista na magpalawak ng mga minahan, proyektong enerhiya at mga katulad na negosyo sa kapinsalaan ng masang magsasaka at pambansang minorya. Inilalarga rin ng rehimen ang pagpaparami ng mga taniman ng mga produktong pang-eksport sa pamamagitan ng proyektong Support to Parcelization of Land for Individual Titling (SPLIT) at Philippine Rural Development Project (PRDP) Scale-Up. Sa mga plantasyon, nawawalan ng karapatan ang mga magsasaka sa sariling lupa at dumaranas ng grabeng pambubusabos bilang mga manggagawang bukid.

Mayor na salik ang huwad, palpak at inutil na reporma sa lupa ng papet na gubyerno sa pagsadsad ng agrikultura at masidhing kahirapan ng mga magsasaka. Hangga't hindi ipinagkakaloob sa magsasaka ang kanilang kahilingan para sa lupa, hindi uusad at lalong malulugmok ang ekonomya ng Pilipinas. Ang paglutas sa suliranin sa lupa—na siyang mayor na programa ng demokratikong rebolusyong bayan—ang susi upang matamo ng bayan ang hustisyang panlipunan at tunay na kaunlaran. K

*Balik-tanaw sa kasaysayan*

## Huwad na reporma sa lupa mula rehimeng Magsaysay hanggang Marcos Sr.

Dekada 1950 nang isabatas ng rehimeng US-Magsaysay ang RA 1119 o Agricultural Tenancy Act of 1954 at ang RA 1400 o Land Reform Act of 1955. Nagtakda ang Land Reform Act ni Magsaysay ng retention limit o hangganang 300 ektarya sa magkakadugtong na lupain para sa mga pribadong indibidwal at 600 ektarya naman sa mga korporasyon, ngunit hindi nito pinigilan ang pangangamkam ng lupa ng mga PML. Pinanatili rin ang malalawak na lupain sa kontrol ng mga PML upang tugunan ang pangangailangan ng imperyalismong US sa mga produktong agrikultural. Sa gayon, lumubha ang sistemang kasamá, at noong 1963, walong milyon sa 27 milyong mamamayang Pilipino ay isang kasamá, ayon sa reaksyunaryong gubyerno.

Noong 1963, isinabatas ni Diosdado Macapagal ang RA 3844 o Land Reform Code. Kabaligtaran ng inaasahang reporma ang nangyari. Mula sa sistemang partihan, ipinatupad ang sistemang buwisan kung saan sagot ng tenante ang lahat ng gastos sa produksyon at obligado pa siyang magbayad ng taunang buwis na 25% ng katumbas ng netong taunang ani na kinuwenta sa loob ng tatlong normal na anihan. Samantala, isinaad sa batas na babayaran ng gubyerno sa makatwirang presyo ang lupang kukunin mula sa mga PML na sasaklawin ng reporma sa lupa. Kung kaya't bukod pa sa pinipiga sa mga magsasaka, tumitiba ang mga PML ng pera mula sa gubyerno.

Sa ilalim ng diktadurang US-Marcos, namayagpag ang mga kroni ng diktador na pamilyang PML at burgesya kumprador. Ipinagkait ng diktadura ang tunay na repormang agraryo sa pagtatakda nitong dapat bayaran ng mga magsasaka sa palay at mais ang mga PML para mapasakanila ang lupang sinasaka. Ito ang nilalaman ng Agrarian Reform Code of 1971 at Presidential Decree (PD) 2 na diumano'y "nagpapailalim sa buong bansa sa reporma sa lupa".

Sa pamamagitan ng PD 27, ipinatupad ang sistema ng pagpepresyo



sa lupa na sadyang manipulado upang huthutan nang labis ang magsasaka hanggang sa hindi na nila kayanin ang bayarin. Kasabay nito, silbing mangangamkam ang mismong diktadurang Marcos na nagpakana ng malalapad na plantasyon at rantso para umano pataasin ang produksyon ng pagkain. Sa aktwal, naging paraan ito upang patalsikin ang mga magsasaka at pambansang minorya mula sa kanilang lupain at pabilisin ang konsentrasyon ng lupa sa kamay ng mga kroni ni Marcos Sr. K

## Mga deboto sa Pakil, Laguna, nagprotesta kasabay ng Ahunan sa Ping-as

Nitong Mayo 27, inilunsad ang Ahunan sa Ping-as, isang relihiyosong pista ng paglalakbay tungo sa tuktok ng Mt. Ping-as sa Pakil, Laguna.

Sa taong ito, kasabay ng pagdiriwang ng Ahunan sa Ping-as ang pakikibaka ng mamamayan laban sa proyektong Ahunan Pumped-Storage Hydropower Project. Nilapastangan ng proyekto ang relihiyosong tradisyon kung saan kinuha ang salitang "Ahunan" para ipangalan dito.



*Litrato mula sa www.licas.news*

Sa Ahunan sa Ping-as, inaakyat ng mga deboto ng Pakil ang Mt. Ping-as ng Sierra Madre. Doon, bibisitahin ang 14 kubol o istasyon at magdaraos ng misa sa simbahan sa tuktok. Bahagi ng pagtatapos ng aktibidad ang ritwal na "pingasan", kung saan pipingas o kukuha ang mga deboto ng isang bahagi ng kahoy na krus upang itago bilang sagradong alaala.

Kaiba sa mga nakaraang pagdiriwang ng pista, pinatampok sa prusisyon ang pagtutol ng mga taga-Pakil sa mapaminsalang proyektong *hydropower*. "No to dam!" ang nakasulat sa mga balatenggang nakasabit sa mga puno, pati sa mga damit ng mga debotong miyembro ng Mamamayang Nagmamahal sa Pakil (MaNaPak). Tinututulan ng grupo ang Ahunan Pumped-Storage Hydropower Project na isinusulong ng Prime Infra Capital Inc. ni Enrique Razon. Layon nitong lumikha ng 1,400 MW ng kuryente.

Bukod sa epekto sa kalikasan at hanapbuhay ng mamamayan, tinutuligsa ng MaNaPak ang nakakainsultong paggamit ng proyekto sa salitang Ahunan. Para sa kanila, sagrado ang salitang ito dahil pumapatungkol ito sa pinangangalagaan nilang tradisyon at bundok na siyang wawasakin ng proyektong nilalabanan nila. K



# Sigaw ng magsasaka: GARB, hindi CARP!

Sa ika-35 taon ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), tagumpay na inilunsad ng mga grupo ng magsasaka mula sa Timog Katagalugan (TK) sa pangunguna ng Katipunan ng mga Samahan ng Magbubukid ng Timog Katagalugan (KASAMA TK/KMP) ang serye ng mga protesta mula Hunyo 8-9.

Tumungo ang mga magsasaka sa National Capital Region (NCR) upang tutulan ang sistematikong mga paglabag ng AFP-PNP sa karapatang pantao, at militarisasyon ng mga komunidad ng magsasaka ng pasistang rehimen ng US-Marcos Jr.

Ayon sa tagapagsalita ng Tanggol Magsasaka Timog Katagalugan na si Orly Marcellana "Tatlumpu't limang taon na ang nakalipas, bigung-bigo ang programa ng gobyerno na buwagin, wasakin at ipamahagi ang malalawak na lupain sa ating mga magsasaka. Matapos ang 35 taon, ang tanging tagumpay ng CARP ay ang hindi maikakailang paglala ng kawalan ng lupa ng mga magsasaka."

Ipinanawagan ng mga magsasaka na isabatas ang House Bill No. 1161 o ang Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) na ipinanukala ng Makabayan Bloc sa Kamara. Nakasaad dito ang libreng pamamahagi ng lupa, kooperatibisasyon, pagpapaunlad sa sektor ng agrikultura at subsidyo sa magsasaka para tugunan ang malaon nang kahilingan ng masang magsasaka. Sa GARB, tatanggalin ang *amortization fees* at titiyaking hindi babawin ang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) mula sa mga magsasaka.

Unang isinampa ang GARB noong 2007, subalit lagi itong isinasantabi ng reaksyunaryong Kongreso kaya paulit-ulit itong isinasampa ng Makabayan Bloc. K







## Sipi mula sa Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa (RGRL)

**Kabanata II: ANG PROGRAMA PARA SA REPORMA SA LUPA**

Seksyon 1. Ang programang ito para sa reporma sa lupa ay may minimum na layuning ibaba nang husto ang upa sa lupa at pawiin ang usura, at may maksimum na layunin namang ipamahagi nang libre ang lupa sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa. Dagdag pa, palagiang layunin ng programang ito na mapahusay ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng mga manggagawang bukid sa mga asyendang pinatatakbo sa batayang kapitalista.

Seksyon 2. Ipapamahagi nang libre ang lupa sa sandaling sapat na ang lakas ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan, demokratikong gubyernong bayan, mga samahan ng magsasaka at ibang organisasyong masa, milisya, at mga lokal na gerilya sa lugar na ipinapatupad ang reporma sa lupa.

**TUGON**
*ni*
PATNUBAY DE GUIA

# Bakit dapat tutulan at labanan ng sambayanang Pilipino ang pagpapalawak ng saklaw ng EDCA at pagpapairal ng lahat ng kasunduang militar sa US?

Bago pa man makipagkasundo ang ilehitimong rehimeng US-Marcos II sa pagpapalawak ng saklaw ng EDCA, malaon nang tinututulan at nilalabanan ng mamamayan ang lahat ng di pantay na kasunduan sa pagitan ng papet na gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ng imperyalismong US. Mula nang ibigay ng US ang huwad na kalayaan ng Pilipinas, sunud-sunod na kasunduang pabor lamang sa US ang pinirmahan ng mga nagdaang papet na pangulo magmula pa kay Manuel Roxas hanggang sa ilehitimong pagluklok ni Marcos Jr. Tiniyak ng mga kasunduang ito na mananatiling malakolonya ng US ang Pilipinas.

Ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ay pinirmahan noong Abril 2014 para bigyang pahintulot ang pagtatayo ng base militar ng US sa loob ng mga pasilidad militar ng papet na AFP na nagkukubli sa *'rotational presence'.* Nakabatay ang kasunduang ito sa Mutual Defense Treaty noong 1951 na nagtakda ng "pagtutulungan" ng US at GRP sakaling magkaroon ang bawat isa ng katunggaling militar. Ito ay sa kabila ng tahasang pagbabawal ng Konstitusyong 1987 ng papet na gubyerno sa pagtatayo ng dayuhang base militar at pagpasok ng dayuhang tropa at sasakyang militar sa teritoryo ng Pilipinas laluna ang nagkakarga ng mga armas nukleyar.

Subalit kagaya ng kanyang amang diktador na tuta ng imperyalismong US, pinahintulutan ni Marcos Jr. ang panibagong base militar ng US na sumaklaw ng dagdag at panibagong teritoryo sa Hilagang Luzon at Palawan. Ayon sa bagong kasunduan, papayagang magtayo ng base militar ang US sa Camilo Osias Naval Base sa Sta. Ana at sa Lal-lo Airport sa Lal-lo, kapwa sa Cagayan; isa pa sa Camp Melchor de Guzman sa Gamu, Isabela; at panghuli sa Isla ng Balabac sa Palawan, dulong timog ng nasabing probinsya. Bukod pa rito, may iginawad ang lokal na gubyerno ng Cagayan na 25 ektaryang pagtatayuan ng base militar ng US sa pulo ng Calayan. Binigyan din ng lokal na gubyerno ng Lubang, Occidental Mindoro ng 20 ektarya ang AFP upang diumano'y gamiting base ng bagong biling Brahmoss Missile ng AFP at tinatayang lihim na gagamiting istasyunan din ng mga pwersang militar ng US.

Pinaalwan ng EDCA ang pagbase ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas dahil pinahintulutan nitong gamitin ng US ang mga "pinagkasunduang lokasyon" nang libre. Gagastusan ng reaksyunaryong gubyerno at pondo ng bayan ang mga pangangailangan ng mga base militar kagaya ng mga utilidad at hindi maniningil ng upa sa iba pang pampublikong pasilidad na gagamitin ng mga tropang Amerikano. Lubusang nangangayupapa ang GRP sa US na pati ang mga pampublikong pasilidad kagaya ng *airport* sa Lal-lo na hindi naman saklaw ng AFP ay pagtatayuan ng base ng US para sa kanyang mga sasakyang militar na panghimpapawid. Maging ang pulo ng Balabac sa Palawan na simpleng *naval outpost* lamang ng Pilipinas ay tiyak na gagawing higanteng daungan ng mga barkong pandigma ng US Navy. Bukod dito, gagamitin ng US ang dating *shipyard* nito sa Subic Naval Base sa Zambales para sa pagmamantine ng kanilang mga barkong pandigma.

Sangkot pati ang mga pribadong kumpanya ng US sa panghihimasok sa mga base militar sa bansa. Noong 2022, binili ng kumpanyang Cerberus ng US ang *shipyard* ng Hanjin sa Subic Bay. Layon ng Cerberus na iayos ang lugar hindi lamang para sa interes nito sa negosyo ngunit para pakinabangan din ng US Navy. Ang subsidyaryo ng Cerberus na kumpanyang Subcomm na naglalatag ng mga *submarine cable* ay magsisimula nang mag-operasyon sa Subic sa darating na Agosto. Ipinagmamalaki ng Malakanyang na naisara ang ganitong kasunduan.

Malinaw na ang EDCA, ang pagpapasaklaw sa apat pang "pinagkasunduang lokasyon" at ang nauna pang mga kasunduang militar sa US ay pagtatraydor sa pambansang soberanya at integridad ng Pilipinas. Tahasang pinahihintulutan nito ang pagtatayo ng mga base militar ng US sa saklaw ng bansa na hindi maaaring pasukin ng sinumang Pilipino, kahit pa mga upisyal ng AFP at ng Department of National Defense. Nakakamit ng imperyalismong US ang ekstrateritoryal na kapangyarihan sa loob mismo ng kalupaan, karagatan at himpapawid ng Pilipinas. Lantaran, tahasan at harap-harapang niyuyurakan nito ang soberanya ng bansa kasabwat ang mga ilehitimong nakaluklok na tambalang traydor sa



Malakanyang na sina Marcos Jr. at Sara Duterte.

Ang pananatili ng mga base militar ng US sa bansa ay *magnet* ng pagkasangkot ng Pilipinas sa inter-imperyalistang tunggalian sa pagitan ng US at China. Bahagi ang Pilipinas sa *first-island chain* ng US laban sa China. Bukod dito, magiging lunsaran ang mga base militar ng US ng pakikialam sa Taiwan sakaling tumungo sa gera ang tensyon sa Taiwan Strait. Sa kasalukuyan, pinapaypayan at pinalalakas ng presensya ng base ng US ang pagtatangkang isulong ang kilusang pagsasarili ng Taiwan sa saklaw ng China.

Isinasapanganib ng mga base militar ng US ang buhay at kaligtasan ng mamamayang Pilipino. Hindi man direktang sangkot ang mga Pilipino, magsisilbing target ng China ang mga instalasyong militar ng katunggaling US. Hindi rin naniniwala ang mamamayang Pilipino sa panlilinlang ni Marcos Jr. na tanging para sa *"humanitarian mission"* ang layunin ng mga base militar na ito. Tiyak na magsisilbi ang mga ito na lunsaran ng misayl, pahingahan at daungan ng lahat ng pangmilitar na sasakyan ng US.

Pinakamasaklap, pinapalayas ang mga magsasaka at mangingisda alang-alang sa pagtatayo ng mga base militar. Ipinagbabawal pa ang lehitimong hanapbuhay sa pagsasaka at pangingisda para hindi maabala at malantad ang mga aktibidad ng mga pwersa ng US. Ito na ang karanasan ng mga residente ng Oyster Bay sa Ulugan Bay sa Palawan. Aasahan din, gaya ng nangyayari sa lahat ng base ng US na lalaganap ang anti-sosyal na kultura gaya ng prostitusyon, iligal na droga, sugal at *"human trafficking".* Lalong mag-iibayo ang ismagling na dati nang problema at lalong lumala sa panahon ni Marcos Jr.

Higit pang palalakasin ng EDCA at dating mga kasunduang militar ang pamamayagpag ng berdugo at pasistang paghahari ng tambalang Marcos Jr. at Sara Duterte. Gagawin nitong mas masahol ang mga kampanyang "kontra-insurhensya" at "kontra-terorismo" lalo't kaakibat ng mga kasunduan ang mga ayudang militar. Direktang lumalahok ang mga tropang Amerikano sa mga pagsasanay at operasyon kagaya ng gera sa Marawi noong 2017, operasyon ng SAF sa Mamasapano noong 2015 at mga operasyong panunugis sa Bagong Hukbong Bayan. Gaya ito ng pangangalaga ng US sa dating diktador na si Marcos Sr. sa buong 21 taong pamamayagpag nito. Pinagdudusahan ito ng mamamayang Pilipino na biktima ng lumalalang kaso ng paglabag sa karapatang tao.

Walang ibang dapat gawin ang sambayanang Pilipino kundi isulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan para mapalayas ang mga dayuhang base militar, maibasura ang lahat ng di pantay na kasunduan sa US, at bandang huli ay maibagsak ang paghahari ng imperyalismong US, kasabwat ang lokal na naghaharing burgesya kumprador at malaking panginoong maylupa. Dapat na gamitin ng sambayanan ang lahat ng anyo ng pakikibaka—hayag at lihim, ligal at iligal, armado at hindi armado para mapalakas ang paglaban sa imperyalistang kapangyarihan. Tanging sa tuluy-tuloy, matatag at puspusang paglaban ng sambayanan makakamit ang minimithing tunay na kasarinlan, demokrasya, kasaganaan at katarungan ng bayan. K

*KILOS PROTESTA*




## Mga makabayang grupo, nagprotesta sa Kawit sa Araw ng Huwad na Kalayaan

Bilang tradisyon tuwing ika-12 ng Hunyo, nagprotesta sa Kawit, Cavite ang iba't ibang makabayang organisasyon sa rehiyon sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan, Timog Katagalugan (BAYAN-TK) upang kundenahin ang mahigit isandaang taong huwad na kalayaan ng bansa mula sa kamay ng imperyalismong US.

Sa Kawit, Cavite unang itinaas ang watawat ng Pilipinas sa Proklamasyon ng Kasarinlan noong Hunyo 12, 1898 matapos palayasin ang kolonyalismong Spain. Pinangunahan ito ng traydor na si Emilio Aguinaldo na nagkanulo sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa kalayaan at nagpabayad sa US. Pinabilis nito ang pananakop ng US sa Pilipinas.

"Walang tunay na kalayaan sa bansa kung hanggang ngayon ay hawak ng imperyalismong US ang ating ekonomya, pulitika at kultura. Talo ang mamamayang Pilipino lalo't labis na nagpapakatuta si Marcos Jr. sa US. Pinayagan niya ang pagdadagdag ng mga base militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at paglulunsad ng kabi-kabilang *exercises* ng AFP kasama ng mga tropang Amerikano at iba pang militar mula sa mga kaalyadong bansa ng US. Inilalagay ng rehimeng US-Marcos II sa bulnerableng posisyon ang mamamayang Pilipino sa gitna ng lumalalang inter-imperyalistang digmaan," ayon kay Kyle Salgado, tagapagsalita ng BAYAN TK.

Sinunog ang bandila ng US bilang pagtatakwil sa pagsaklot ng US sa Pilipinas. Nagsagawa rin ang mga makabayang kabataan ng oplan dikit ng mga *poster* na naghahambing kay Emilio Aguinaldo at Ferdinand Marcos Jr. bilang mga papet ng US. K

# Pride March para sa lupa, sahod, inklusibong espasyo at karapatan

Bilang lunduan ng buong buwang pagdiriwang ng Pride, rumampa ang daan-daang indibidwal suot ang kanilang makukulay na damit sa ika-10 Southern Tagalog Pride March sa University of the Philippines Los Baños (UPLB) noong Hunyo 25.

Inorganisa ng alyansang Southern Tagalog Pride ang nasabing aktibidad na may temang "LAVARN LGBTQ+ ng Southern Tagalog! Makibeki para sa Lupa, Sahod, Trabaho, Inklusibong Espasyo at Karapatan!". Kaisa ang mga manggagawa, magsasaka, mamalakaya, tsuper, taong simbahan sa laban ng LGBTQ+. Sama-sama nilang iginiit ang demokratikong karapatan at kinundena ang diskriminasyon, kahirapan at pasismo.

"Ang Pride ay isang protesta. Kinikilala naming ang laban ng LGBTQ+ ay hindi hiwalay sa laban ng mamamayang Pilipino para sa lupa, dagdag sahod, at pagtataguyod ng karapatang pantao. Ipinapanawagan namin na ipasa na ang Sexual Orientation, Gender Identity, gender Expression and Sex Characteristics (SOGIESC) Equality Bill at bigyan ng nakakasapat at nakabubuhay na sahod ang mamamayang Pilipino," ani Dudin Albani, tagapangulo ng Southern Tagalog Pride.




*Mga aktibista mula sa LGBTQ+ at iba pang sektor na lumahok sa Pride March, UP Los Banos noong Hunyo 25.*

Pinarangalan din sa programa ang mga LGBTQ+ na martir ng rebolusyonaryong pakikibaka katulad nina Felimon Carabido, Kevin Cedrick Castro, John Carlo Alberto, Ian Maderaso at Lilibeth Donasco.

Pagkatapos ng programa sa Carabao Park, UPLB nagmartsa ang delegasyon patungo sa Los Baños Junction.

BANTAY KARAPATAN

# Panunupil ng estado sa pakikibaka ng mamamayan sa rehiyon

Patuloy na inaatake ng AFP-PNP ang makatarungang pakikibaka ng bayan sa lupa, sahod, trabaho at karapatan. Ngayong Hunyo, naiulat ang isang kaso ng iligal na pang-aaresto, limang kaso ng pagsasampa ng gawa-gawang kaso at tuluy-tuloy na *red-tagging* at panghaharas sa lumalabang mamamayan.

**Iligal na pang-aaresto.** Noong Hunyo 5, iligal na hinuli si Danilo Acayen, 60, residente ng Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal, bandang ala-1 ng hapon. Nagpatawag ng pulong ang mga militar sa *covered court* ng naturang barangay at doon dinakip si Acayen nang walang ipinapakitang *warrant of arrest*. Ipiniit siya sa CIDG Antipolo, Rizal at sinampahan ng gawa-gawang kasong *frustrated and attempted murder* at *frustrated homicide*.

Kabilang si Acayen sa mga magsasakang lumalaban para sa lupa at tumututol sa pagtatayo ng Wawa-Tayabasan Dam sa kanilang lugar. Mula pa noong 2020, dinaranas na ng kanyang pamilya at mga residente ng Brgy. Puray ang tuluy-tuloy na panghaharas, sarbeylans at intimidasyon ng 80th IBPA, PNP-Rizal at NTF-ELCAC.

**Gawa-gawang kaso sa bisa ng ATA.** Sa bisa ng Anti-Terrorism Act (ATA), sinampahan ng kasong pagbibigay suporta sa mga terorista sina Ken Rementilla, *regional coordinator* ng Anakbayan Southern Tagalog, Jasmin Rubia, *secretary-general* ng Mothers and Children for the Protection of Human Rights, Rev. Edwin Egar, opisyal ng Karapatan-TK at Ronald Ramos, dating kapitan ng Brgy. Macalamcam A, Rosario, Batangas.

Ang *subpoena* laban kina Rementilla at Rubio ay pinirmahan ni Mari Elvira Herrera, *prosecutor* ng Antipolo City, Rizal noong Hunyo 9 mula sa reklamong isinampa ni Sgt. Jean Claude Bajaro ng 59th IBPA sa *provincial prosecutor* ng Batangas. Habang ang *subpoena* nina Egar at Ramos ay pinirmahan ni Herrera noong Hunyo 8 mula sa reklamo ni Sgt. Ronald Dalo ng 59th IBPA na isinampa rin sa Batangas. Hunyo 26 na natanggap nina Rementilla at Rubia ang *subpoena* habang Hunyo 29 ang kina Egar at Ramos.

Sinampahan din si Hailey Pecayo ng Tanggol Batangan ng mga kasong paglabag sa ATA at direktang tinatakang terorista gamit ang

Section 4 ng ATA. Bukod sa mga kaso sa ATA, kinasuhan din siya ng *genocide* na labag sa *international humanitarian law* at isang bilang ng *attempted murder*. Ipinatawag siya sa korte nang wala pang natatanggap na *subpoena*.

Ang lima ay pawang lumahok sa *fact-finding mission* sa Brgy. Guinhawa, Taysan, Batangas noong Hulyo 22, 2022 upang imbestigahan ang pagpaslang ng berdugong 59th IBPA sa 9-taong gulang na batang si Kyllene Casao. Ito ang ika-14 na insidente ng paggamit sa ATA para atakehin ang mga *human rights workers* sa TK.

## MGA SEKSYON NG ANTI-TERRORISM ACT NA GAMIT SA MGA GAWA-GAWANG KASO LABAN SA MGA AKTIBISTA

* ***Section 4* - Terorismo**

  ***Section 4(a)*** - nagsasagawa ng mga akto na may intensyong pumatay, saktan o ilagay sa kapahamakan ang buhay ng isang tao

  ***Section 4(c)*** - nagsasagawa ng mga aktong may intensyong magkaroon ng malubhang panghihimasok, pinsala o pagkawasak sa mahahalagang imprastraktura

  ***Section 4(d)*** - nagpapaunlad, nagmamanupaktura, nagmamay-ari, kumukuha, naghahatid ng mga kagamitan o gumagamit ng armas, pasabog o ng sandatang ***biological,*** nukleyar, *radiological* o kemikal

* ***Section 12* - Pagbibigay ng materyal na suporta sa mga terorista**

**Panggigipit sa manggagawa.** Serye ng mga *red-tagging seminar* ang inilunsad ng NTF-ELCAC sa loob ng engklabo ng Laguna International Industrial Park (LIIP) sa Biñan City para harasin ang mga militanteng unyon ng manggagawa. Bukod sa pagpunta sa mga pook-trabaho ng mga manggagawa, hinaharas din ang mga manggagawa at kasapi ng unyon sa kanilang tahanan.

Bunsod nito, naglunsad ng protesta ang mga manggagawa ng Gardenia Bakeries Philippines at Philfoods Fresh Baked Products noong Hunyo 6 sa labas ng kanilang pabrika sa engklabo ng LIIP.

Ayon sa Pamantik-KMU, "Masarap daw ang tinapay ng Gardenia kahit walang palaman? Sa katunayan, hindi na masarap ito dahil *harassment* ang palaman nito sa manggagawa!"

Ipinahayag ng mga unyon na ihahain nila sa International Labor Organization ang paglabag ng kapitalista at estado sa kanilang *freedom of association*. Nagsampa rin sila at iba pang unyon sa engklabo ng reklamo sa Commission on Human Rights noong Hunyo 15 para panagutin ang sabwatan at panggigipit sa kanila ng kapitalista at pwersang panseguridad ng estado.

**Mansalay 2**. Sa isang *press conference* noong Hunyo 6, inilantad ng ina ni Mary Joyce Lizada, isa sa Mansalay 2, ang panggigipit na dinanas nila sa kamay ng militar nang bisitahin ang anak sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal. Si Lizada at si Arnulfo Aumentado ay mga aktibistang kasapi ng BALATIK na dinakip ng mga pwersa ng estado noong Abril 25 sa Sityo Buol, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro.

Ayon sa ina ni Lizada, pinagpasa-pasahan sila ng mga militar sa Camp Capinpin at pulisya bago pinahintulutang makausap ang anak. Nang makausap si Lizada, sapilitan pang pinalahok ang kanyang mga kaanak sa mga aktibidad bago payagang makaalis. Samantala, hindi pinahintulutan ng militar na makausap si Aumentado kahit ng kanyang abogado sa palusot na hindi kaanak ang dumalaw sa biktima.

Inorganisa ang *press conference* ng Free Mary Joyce Lizada and Arnulfo Aumentado Campaign Network. K




*Sinalubong ng protesta ng mga mamamayan ng Timog Katagalugan ang unang taon ng pagkaluklok ni Marcos Jr. noong Hunyo 30 sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan Timog Katagalugan. Tumungo ang delegasyon sa DOLE Laguna, DOLE 4A, NLRC, at Puregold Calamba.*

# Pang-aalipin ng neoliberalismo sa mga manggagawa

Tinuran ni Arsenio Balisacan, Kalihim ng National Economic Development Authority (NEDA) na "Ang pagsasabatas ng taas sahod ng manggagawa ay makasasama sa ekonomya." Ang NEDA ay ahensya ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na nagtatakda ng pambansang plano sa pagpapaunlad ng ekonomya ng bansa.

**" Ipinako ang sahod sa napakababang halaga at ipinatupad ang kontraktwalisasyon at iba pang anyo ng pleksibilisasyon sa paggawa upang makapiga ng pinakamalaking tubo mula sa masang anakpawis at wasakin ang organisadong paggawa. "**

Ayon kay Balisacan, hihina ang *"competitiveness"* ng ekonomyang Pilipino kapag tumaas ang sahod kaya ang tamang estratehiya ay panatilihing mababa ang sahod ng mga manggagawa para lumaki ang halaga ng eksport ng bansa. Dagdag pa niya, mababa ang produktibidad ng manggagawang Pilipino noong nakalipas na taon.

Babala ni Balisacan, kapag pilit na itinaas ang sahod ng mga manggagawa, tataas ito hindi dahil malaki ang pangangailangan sa paggawa kumpara sa suplay nito. Dapat umanong palawakin ang aktibidad ng ekonomya para kusang tumaas ang sahod.

Nabubulagan si Balisacan sa pagbabaluktot ng realidad at panloloko sa mamamayan.

Kung matatandaan, ibinandila ng NEDA at Philippine Statistics Authority ang 2022 bilang kasiglahan ng produksyon at pagtaas ng produktibidad ng mga manggagawa. Subalit hindi ito nagbigay ng taas sahod sa mga manggagawa.

Baluktot at malaking kasinungalingan na kusang itataas ng mga kapitalista at ng estado ang sahod ng manggagawa kapag tumaas ang pangangailangan sa lakas paggawa. Noong 2022, panahong palipas na ang pandemya at napilitang luwagan ang galaw ng mga tao at negosyo, muling bumawi ang ekonomya at produksyon at lumakas ang pangangailangan sa paggawa, ngunit walang kusang pagtataas ng sahod. Hindi rin ito itinaas sa panahong sumirit ang presyo ng pangunahing bilihin katulad ng langis at mga pagkain: asukal, sibuyas, gulay, karne at maging ng asin.

Maliwanag na kasinungalingan ang neoliberal na kahibangan ni Balisacan at ng mga kapitalista. Ginagamit niya ang teorya ng *"law of supply and demand"* sa pagtatakda ng halaga ng sahod. Sa kapitalismo, ganito ang pinaiiral na panuntunan, bagamat pana-panahon ay nababaluktot ito ng mga monopolyo hanggang sa isang antas. Sa katulad nating lipunan na malakolonyal at malapyudal, pinaiiral nang lubusan ang patakarang neoliberal, na ipinataw ng pandaigdigang monopolyo kapitalismo, sa pagtatakda ng sahod at patakaran sa paggawa.

Ipinataw ng imperyalismo ang patakarang neoliberal sa daigdig para pilit isalba ang naghihingalong sistemang kapitalismo. Pinagdusa nito ang mamamayan sa mga kolonya at malakolonya kung saan nananalasa ang liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon ng kanilang ekonomya. Isinisi sa kilusang paggawa ang krisis ng sistemang kapitalista at ipinatupad ang iba't ibang iskema at batas na lalong nagpasahol sa aliping sahurang sistema ng paggawa sa buong daigdig. Ipinako ang sahod sa napakababang halaga at ipinatupad ang kontraktwalisasyon at iba pang anyo ng pleksibilisasyon sa paggawa upang makapiga ng pinakamalaking tubo mula sa masang anakpawis at wasakin ang organisadong paggawa.

Sa kasalukuyang kalagayan ng manggagawang Pilipino, wala pang kalahati ang kanilang sahod sa aktwal na halagang kailangan ng manggagawa sa isang araw para buhayin ang pamilya at makabalik siya sa trabaho kinabukasan.

Ang hagupit ng neoliberalismo ay damang-dama sa pangwawasak sa agrikultura at industriya ng bansa. Walang pakundangan ang pagpapasok ng mga dayuhang produktong agrikultura sa bansa katulad ng bigas, sibuyas, karne, asukal, bigas at gulay. Nagresulta ito sa pagbagsak ng presyo ng produktong bukid, pagkalugi ng mga magsasaka at pagkawala ng kabuhayan ng mga manggagawang bukid.

Tampok na biktima ng deregulasyon at liberalisasyon ang mga manggagawa sa tubuhan ng Batangas. Libu-libong pamilya ang nawalan ng kikitain sa malawak na tubuhan na maiiwan na nakatiwangwang dulot ng pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro. Magrerepina pa rin ang sentral ng puting asukal *(refined sugar)* pero ang gagamiting hilaw na materyales ay imported na pulang asukal. Malinaw na krimen ito sa mga manggagawang nagtrabaho sa Central at sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa tubuhan sa buong probinsya ng Batangas at ilang bahagi ng Laguna, Cavite at Quezon.

Dapat magkaisa ang lahat ng anakpawis mula industriya hanggang agrikultura. Marapat na paigtingin ang pakikibaka para itaas ang sahod at ibasura ang mga neoliberal na patakarang nang-aalipin sa kanila. K

# Banta ng gerang nukleyar, udyok ng imperyalismo

Pinangangambahan ng mamamayan ng daigdig ang banta ng pagsiklab ng isang gerang nukleyar habang umiigting ang inter-imperyalistang agresyon bunsod ng lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalismo. Hindi maikakaila ang patuloy na pagdami ng mga armas nukleyar sa daigdig na nasa 12,500 batay sa istadistika ngayong 2023. Ang 86% nito ay bukas sa paggamit ng mga pwersang militar sa anyo ng mga misayl, *aircraft*, barko at submarino.


Ang mga sandatang nukleyar ang itinuturing na pinakamalubhang kagamitang militar dahil sa taglay nitong napakalakas na enerhiyang eksplosibong magdudulot ng malawakang pakawasak. Ang *nuclear energy* ay enerhiyang nalilikha mula sa pagsasanib *(fusion)* o paghahati *(fission)* ng mga *radioactive* na elemento tulad ng *uranium*. Nangunguna ang mga imperyalistang bansang Russia, US, China, UK at France sa pinakamaraming bilang ng hawak na sandatang nukleyar. Tinatayang ang ilang mga bansa kagaya ng Iraq, Iran at Syria ay lihim na gumagawa ng mga sandatang nukleyar. Bantog din ang North Korea sa paglulunsad ng mga *nuclear test*.

Ayaw na ayaw ng US na lumikha ang ibang bansa ng kanilang sariling sandatang nukleyar dahil gusto nitong mamonopolyo ang pagkakaroon at paggamit nito alinsunod sa pagpapataw nito ng hegemonya sa daigdig. Nagkaroon ng mga kasunduan para sa pagkokontrol ng mga sandatang nukleyar kagaya ng Nuclear Test Ban Treaty noong 1963, Non-Proliferation Treaty (NPT) noong 1968 at ang Comprehensive Nuclear Test Ban Treaty noong 1996. Bukod pa rito ang kasunduan sa pagitan ng US at Russia na Strategic Arms Reduction Treaty na sinimulan noong 2011 at nagtapos noong 2021. Ang huling tratado ay kasunduan ng dalawang imperyalista na may hawak ng pinakamaraming armas nukleyar sa buong mundo.

Mauugat ang pagbubuo ng mga kasunduan kaugnay sa sandatang nukleyar matapos masaksihan ang kakila-kilabot na epekto nito sa mamamayan ng Hiroshima at Nagasaki, Japan nang ibagsak dito ng US ang mga bombang atomika at *hydrogen* noong 1945. Iniresulta nito ang 66,000 mamamayang napaslang at 69,000 nasugatan sa Hiroshima; at 35,000 namatay sa Nagasaki. Hanggang ngayon, pinagdudusahan ng mamamayang Hapon ang iniwang epekto ng *radioactive* na dumi sa lupa at tubig na naghatid sa kanila ng iba't ibang sakit, pagkamatay ng mga halaman at hayop at kawalan ng sustansya ng lupa. Dinala rin ng hangin ang *radioactive debris* patungo sa kalawakan at kumalat ang dumi sa iba pang lugar.

Ang NPT ay pandaigdigang kasunduan upang pigilan ang pagpaparami ng mga armas nukleyar na malinaw na magdudulot ng malaking pinsala kapag ginamit. Binubuo ito ng mga tinatawag na *nuclear-weapon states* (US, UK, France, Russia at China) at *non-nuclear-weapon states.* Nasa 190 bansa ang kasapi nito kabilang ang Pilipinas. Ang mga bansang hindi pumasok sa kasunduan ay ang South Sudan, India, Israel at Pakistan. Samantala, nagdeklara ang North Korea ng pagkalas sa kasunduan noong 2003. Sa ilalim ng NPT, ang mga *nuclear-weapon states* ay nangako ng pagdidisarma habang ipinataw sa *non-nuclear-weapon states* ang pagbabawal na lumikha ng kanilang sariling armas nukleyar. Subalit hanggang ngayon, walang katiyakan ang pagdidisarma ng mga *nuclear-weapon states*, lalo ang US. Ginagamit din ng US ang NPT para pwersahing magdisarma ang mga kalaban niyang bansa katulad ng North Korea at Iran. Nananakot pa itong papatawan ng

TINATAYANG IMBENTARYO NG GLOBAL NUCLEAR WARHEADS, 2023




Sanggunian: Federation of American Scientists

mga parusang pang-ekonomya kung hindi tutupad.

Ipokritong pumopostura ang US bilang tagapagtaguyod ng kapakanan ng daigdig sa pagpigil sa pagpaparami ng armas nukleyar. Tusong iniintriga niya na ang mga kalabang bansa gaya ng Russia, North Korea at Iran ay kating-kati nang gumamit ng armas nukleyar at patuloy na pinararami ang kanilang arsenal, habang inililihim ang produksyon nito sa loob ng sariling bakod. Ipinupusisyon din nito ang mga arsenal sa paligid ng kanyang mga kalaban gaya ng Eastern Europe laban sa Russia at Middle East. Kung tutuusin, ang US ang handa at nakatudlang gumamit ng armas nukleyar.

Tinatayang nag-iipon na rin ang US ng mga sandatang nukleyar sa Asia bilang paghahanda sa niluluto nitong inter-imperyalistang gera laban sa China. Ang mga kasunduang militar nito sa Pilipinas at mga karatig-bansa sa palibot ng China ay nagsisilbi para sa paglalagak ng mga pwersang Amerikano at mga kagamitang pandigma ng US sa rehiyon, kabilang ang mga sandatang nukleyar. Partikular sa Pilipinas, inilako ng US ang 123 Agreement na kasunduan sa pagtatayo ng enerhiyang nukleyar sa bansa. Kabilang sa mga tinukoy na posibleng pasilidad ang mga isla ng Mindoro at Palawan. Tiyak na tabing ito para malayang makapag-eksperimento o makapagpasok ng mga kagamitang nukleyar dito.

Makatarungan ang laganap na panawagan ng mamamayan ng daigdig na pagbabawal sa mga armas nukleyar. Nararapat magkaisa ang lahat ng mamamayang anti-imperyalista upang pigilan ang paglikha ng dagdag na armas nukleyar sa daigdig. Hinahamon nila na magkaroon ng tunay na kasunduang tutugon sa kumon na interes ng mga bansa na bawasan ang bilang ng mga sandatang nukleyar.

Kailangang paigtingin ang anti-imperyalistang pakikibaka para pigilan ang pagsiklab ng gerang nukleyar. Igiit ang paggamit ng siyensya at teknolohiya para sa kaunlaran, hindi sa pangwawasak. K

*KULTURA*

# NAGKAKAISANG MANGGAGAWA LABAN SA MGA PASISTA

*ni K. Panalig*

